Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata



# Ang Prinsipe Mula sa Ilog

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: M. Maillot; Lazarus

Ibinagay nila: M. Maillot; Sarah S; Alastair Paterson

Isinalin ni: Jireh Love

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.



Ang Punong Ministro na si Jose ay sumakabilang-buhay na!

Nakiramay ang buong Ehipto sa pag-luluksa ng kanyang pamilya.

Ginamit ng Diyos si Jose upang maligtas niya

ang kanyang pamilya sa tag-gutom.



Siya ay matalino
at maalalahaning
pinuno.

At ngayon,
siya ay
yumaon
na.



Lumipas ang tatlong daang taon. Ang mga kababayan ni Jose, ang mga Hebreo, ay naging malakas na pwersa sa Ehipto.




Ang bagong pinuno ay nangangambang maghimagsik ang ...



... mga Hebreo laban sa kanya kung kaya't ginawa niya silang mga alipin.



Hindi maganda ang pagpapasunod ng pinuno sa mga Hebreo. Pinipilit niya silang magtrabaho at gumawa ng malalaking siyudad.



Ngunit kahit ano man ang gawin niya upang pagurin ang mga Hebreo, patuloy pa rin silang dumadami.



Isang araw, naglabas nang nakakapangilabot na utos ang pinuno.



"Ang lahat ng bagong silang na sanggol na lalaki na Hebreo ay dapat itapon sa ilog ng Nile."



Ang masamang hari ay determinadong mabawasan ang dami ng mga Hebreo na kahit pumatay ng mga sanggol ay kanyang gagawin.




“Ano ang ating gagawin?” tanong ng isang pamilya.




Sila ay nagdesisyon na ilagay ang kanilang anak sa ilog ng Nile, ngunit siya ay ilalagay sa isang buslo na selyado upang di makapasok ang tubig.



Daladala ang isang mahalagang karga, ang buslong bangka ay lumutang sa may mga tambo.



Anong mangyayari sa maliit na sanggol?



Hindi kalayuan, binabantayan ang sanggol ng kanyang ate habang ...



... palihim na nagtatago sa mga matataas na damo sa paligid.




Sa hindi inaasahang
pagkakataon, ang babaeng
anak ng hari at ...

... ang kanyang mga katulong ay pumunta sa ilog upang maligo.



Wala ng paraan upang itago pa ang buslo, ngunit, maaaring daanan lang nila ito ng hindi napapansin.



"Uy! May buslo. Doon sa may mga damo. Ano kaya ang nasa loob ng buslo na yun?" Inutusan ng prinsesa ang isa sa kanyang mga katulong na kunin ang buslo.



Nang binuksan nila ito, nagsimulang umiyak ang sanggol sa loob ng buslo. “Anak ito nang isang Hebreo.” sambit ng prinsesa.



"Kawawa ka naman.  Napaka-gwapo mo pa namang bata."



Siguro, kinakausap ng prinsesa ang sanggol katulad ng pagkikipag-usap ng mga nakakatanda ngayon.



Marahil ay nabanggit din nya ang mga salitang “Ootchie-kootchie Koo-ums” sa salitang Ehipto.



Marahil ay binigyan ng Panginoon ng espesyal na katalinuhan ang ate ng sanggol.




Tumakbo siya sa prinsesa at nagtanong, “Nais nyo po bang hanapan ko kayo ng babaeng Hebreo para mag-alaga sa sanggol para sa inyo?”



“Sige,” ang sagot sa kanya. Sino kaya ang tinawag ng ate ng sanggol?



"Inay! Dali! Bilisan nyo!" Siguro, wala ng panahong magpaliwanag ang batang babae.



Sila'y tumakbo patungo sa kinaroroonan ng sanggol.



Sa ilog, ibinigay ng prinsesa ang sanggol sa kanyang ina at nagsabi, ...



… "Alagaan mo siya para sa akin. Babayaran kita. Tawagin mo ang sanggol na Moses."



Marahil ang ibig sabihin ng Moses sa Ehipto ay anak ng tubig.



Naibalik si Moses sa kanyang mga magulang at tahanan. Tinuruan nila siyang mahalin ang Diyos at ang mga Hebreo.



Di naglaon, siya ay tityra sa palasyo kasama ng prinsesa.



Ang Diyos na nagligtas sa kanyang buhay ay may nakalaang plano para sa sanggol na si Moses.



# Ang Prinsipe Mula sa Ilog

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Exodus 2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16